**Abstract**

The suite of poems "Lapnos mula sa Logos" is an attempt to translate the Greek principle *logos* into poetry and the eternal search for the absolute truth, as the truth we know may not be the absolute one. Each poem revolves around—if not, has an element of—fire, which follows Heraclitus's philosophy where everything is made of fire; fire is the symbol of metamorphosis, and everything metamorphoses from fire. The suite is also a part of a project that I am still working on for a couple of years now.

**Keywords**

fire, flame, philosophy, truth, metamorphosis

**English title**

Burnt from Logos

1. A Lighthouse on Fire at Night, 1790
2. On Aging
3. It Rained Once
4. Synesthesia
5. Gas Lamp
6. In the Navel of the City
7. Logos

# LAPNOS MULA SA LOGOS

**RENZ ROSARIO**



Likhaan 18.indb 5 11/22/2024 4:26:28 PM

Likhaan 18.indb 6 11/22/2024 4:26:28 PM



# A LIGHTHOUSE ON FIRE AT NIGHT, 1790

Ganito mabulag ang matang nagmamasid sa namamalaot na
Panganib: parolang tinutupok sa gitna ng inuunos na gabi.
Totoo, tahimik na lumilihis ang peligro sa matatalas na pandama
Kaya nakaantabay ang dibdib at isip upang magbantay magdamag

Gaya niyong mga tagapangalaga ng bikon. Maging sila ay nananatili,
Habang inaangkin na rin ng liyab, pagkat may pulutong ng barkong
Dumarating at kailangang handugan ng liwanag. Muli, ang pag-aalay
Ng sarili. Kapalit ay mga bagay na hindi man lang masaling, hindi

Maiwasan tulak ng kutob na malimit kung mang-usig. Marahil ito
Ang uri ng init na inaapuhap ng may inuulang damdamin: mayapos
Ng mga brasong sa apoy nahubog. Hanggang madarang nang tuluyan.
At pagtaguan na rin ng buwan dahil sa tingkad ng rikit na katulad sa
Parolang tinutupok; tila sulong humahawan sa kumakapal pang dilim.

# HINGGIL SA PAGTANDA

Hilig ng mga bata na hamunin ang init.
Dito nila sinusukat ang kanilang tatag

At ang hanggahan ng kaya nilang daigin.
Halimbawa, sa bawat lapat ng kanilang

Talampakan sa lansangang nasasalab
Sa ilalim ng nagbabagang katanghalian.

Gayon din sa pakikipagpatintero, habulan
Sa tinutupok nang hinahon ng mga magulang

Nang may mga nanunuyong lalamunan.
Masdan, hindi nalulusaw ang kanilang ngiti.

Ganito nila hinuhubog ang likas nilang tikas.
Matutuklasan din nila, sa kanilang paglaki,

Kung bakit habang bata pa ay maiging
Magbabad sa sikat at panatilihing malutong

Ang bawat halakhak. Pagkat lahat ng ito ay isang
Pagsasanay lamang, hinggil sa pagtanda, at upang

Matutuhang isapraktika ang pangangahas sa apoy.



Likhaan 18.indb 7 11/22/2024 4:26:28 PM

# MINSAN DING UMULAN

Walang makatalos sa pakay ng langit
Kung bakit saglit na ulan ang itinugon
Sa walang patid na uhaw.

Lagablab ang umiihip ng inaasahang hangin.
Lumulutong ang bubong, sanga at dahon;
Tinutupok ng alinsangan ang lahat.

May nananalanging umambon kahit saglit,
Nananalig sa kung ano ang lalatag
Habang dinadarang ng panahon.

Kay raming nananahan sa ubod ng apoy
At tila walang-hanggan ang bilang
Ng paghingang nalalapit sa liyab.

Kaya may ilang hindi na umasa sa patak
Na mahuhulog sa minsang inilahad na palad—
Tinuos ang init at lumikha ng ikapapanatag,
Ng ginhawang higit sa ibinubuhos ng itaas.



Likhaan 18.indb 8 11/22/2024 4:26:28 PM

# SINESTISYA

Iginuguhit ko sa isip ang amoy ng hangin sa interseksiyon ng Saigon
Noong 1963 habang sa gitna, may tinutupok na monghe, matapos nitong
Magtubog sa gaas at silaban ang sarili. Hinuhuli ko rin, ang ibig bang

Ipabatid ng usok mula sa kaniyang nalulusaw na balat ay naaarok
Ng mga miron kaya ang mga ito ay nagtipon? O gaya ko ring iniaasa
Sa tungki ng ilong ang pag-unawa sa wika ng naghahalong dugo at pawis?

Marahil may umaalimbukay sa mga oras na iyon. Umaalingawngaw
Ang usal na panalangin at hagulhol sa paligid. Masdan, gumagambala
Sa napapanatag. Nagkukusot ng mga mata ang may pasibong paningin.

Kailan ba huling nasaksihan ng mundo ang pagbibihis ng kasaysayan:
Noong nahulas ang Kasaya ng monghe at dinamitan ng liyab ang
Buo nitong katawan? Hindi siya humaluyhoy. Sa maringal na lotus,

Nagtalo ang itim at kahel. May larawang nagbuod ng sari-saring salaysay
Kung paano nagimbal ang mga kulay sa tunggalian ng paniniwala;
Kung bakit kay raming kuwentong naging imortal nang ikahon sa gunita.

Matapos matusta ng monghe, inalayan siya ng dasal bago isinilid sa ataul
At dinala sa pagoda. Inaapuhap ko, saan tinangay ng simoy ang mga aral
Mula sa kaniyang bangkay? Doon ko makukulayan ang amoy ng tagumpay.



Likhaan 18.indb 9 11/22/2024 4:26:28 PM

Likhaan 18.indb 10 11/22/2024 4:26:28 PM



# GASERA

Pinupundi ng sansaglit ang lumalamlam nang ilaw,
Lugmok na pook ay walang sandigan kundi liwanag;
Sinisikil ng magdamag ang nagsusunog ng kilay.

Lukob pa rin ng karimlan ang sa liblib namumuhay,
Bawat tahanan ay tila dantaong walang dagitab;
Pinupundi ng sansaglit ang lumalamlam nang ilaw.

Kapiling lagi ng dilim ang subsob sa pag-aaral,
Mulat ngunit nangangapa sa landas tungong pangarap;
Sinisikil ng magdamag ang nagsusunog ng kilay.

Tinatapos ang gawain bago bumati ang araw,
Kailangang manatiling ang tanglaw ay umaalab;
Pinupundi ng sansaglit ang lumalamlam nang ilaw.

Dumarating din ang gabing may bitbit na alinlangan,
Inaapula ang sikhay at lunggating nagniningas;
Sinisikil ng magdamag ang nagsusunog ng kilay.

At heto ako, paningin ay aandap nang marahan,
Di mabasa ang katagang sa mesa ay nakalatag.
Pinupundi ng sansaglit ang lumalamlam nang ilaw;
Sinisikil ng magdamag ang nagsusunog ng kilay.

Likhaan 18.indb 11 11/22/2024 4:26:28 PM



# SA PUSOD NG LUNGSOD

Pinatitibay na lamang ng pangamba ang pagkakatirik
Ng mga barumbarong sa palibot ng pusod ng lungsod.
Ngunit malimit bumisita ang nakaambang pagpalis sa mga

Residente rito; umigting ang gapos ng takot sa natitigib
Nilang dibdib. Hindi sila makaaalis: saan tutungo ang
Nilagutan na ng landas? Walang pahiwatig ang pagdatal

Ng panganib. Payapa dapat ang gabi, alimpungat ang lahat sa
Umalingawngaw na sigaw: dambuhalang sunog ang humihimod
Sa bawat kubakob. Mararamot ang eskinita papunta sa kanilang

Lugar, kaya di makasiksik ang pagsagip na tinawagan. Paano nila
Ngayon puputulin ang dila ng apoy, na masinsing sumisimsim
Sa mga dampa? Gitlang-gitla ang lahat habang paligid ay tinutupok,

Maski pananalig ay marahang napupugnaw; maging paninindigan
Ay hinatulang maabo, makasama sa mga wawalisin kinaumagahan.

# LOGOS

Walang ibang nasasaksihan tuwing may sunog
Kundi sumulwak nang bagsik, alimpuyo ng init,
Pagsaling ng makapal at maitim na usok sa langit
Pagkat laging humihilam sa tinimpi nitong bait.

Siyasatin ang mga bagay na nalugmok sa pagkatupok
Maging mga talampakang sa taranta ay nadarang:
May alipatong tumilamsik at tumakas upang
Marating ang takda at lunggati nitong maparam.

Ang natuklasan ba ay sa alaala nakalalapnos
O may pilat lang na humilat nang sa abo inilagom
Lahat ng naglagablab sa gunita? May ibinubulong
Ang inangkin at hinabilin ng lumamong apoy.



Likhaan 18.indb 12 11/22/2024 4:26:29 PM